

1

Napahinto sa pagtakbo si Nicole nang marinig ang bumubusinang sasakyan sa likuran niya. Routine na niya ang mag-jogging sa umaga, hindi lamang upang panatilihin ang magandang hubog ng kanyang katawan, kundi upang panatilihin na rin ang kanyang kalusugan. Sapagkat sa katulad niyang maghapong nakaupo sa opisina, pagtakbo lamang sa umaga ang pinaka-ehersisyo. Nakasanayan na niya iyong gawin bago pumasok sa trabaho.

Isang truck na may tatak ng isang moving company ang nakita niya nang lumingon.

“Miss, saan dito ang Narra Street?” tanong ng driver ng sasakyan.

“Ikalawang kanto mula rito,” sagot niya.

Matapos magpasalamat ang driver ay umandar na ulit ang truck upang tahakin ang direksiyong itinuro niya. Kasunod ng truck ay isang kotse.

“Iyon siguro ang nakabili ng bahay sa tapat ko,” aniya habang sinusundan ng tingin ang papalayong sasakyan. “Mukhang may bago akong kapit-bahay.” Tumingin siya sa kanyang wristwatch, alas ocho na ng

umaga ayon doon. Ipinagpatuloy niya ang pagtakbo hanggang sa makarating sa kanyang tinutuluyang bungalow.

Pagdating sa harapan ng gate ng kanyang bahay ay nakumpirma ni Nicole ang kanyang sapantaha kanina. Nasa harap ng katapat niyang bahay ang truck at kotse na bumusina sa kanya. Bubuksan na sana ni Nicole ang gate nang mapatigil siya. Hindi niya ugali ang mag-usyoso ng kapit-bahay, pero hindi niya napigilan ang sarili na panoorin ang paglilipat ng gamit mula sa truck papasok sa bahay. Hindi siya sa mga gamit napatulala kundi sa lalaking nagmamando sa mga nagbubuhay ng kagamitan.

Sapagkat ang lalaking iyon ay hindi puwedeng hindi mo pansinin. Simple lamang ang pananamit nito, itim na plain na T-shirt, maong na pantalon at loafers. Pero may kakaibang dating ang lalaki na kahit sinong babae ay imposibleng hindi ito mapansin.

Mula sa kanyang kinatatayuan ay napansin ni Nicole ang medyo alon-alon na buhok nito na halatang bagong gupit, ang mga mata nitong medyo nakapikit na halos dahil nasisilaw sa araw—medyo mataas na kasi ang sikat ng araw nang mga oras na iyon—ang ilong nitong matangos, kung mayroon mang perpektong ilong, iyon na yata iyon, katamtaman

lang ang bridge, at kapag naka-side view ay kitang-kita ang pagka-pointy ng dulo, at ang mga labi nitong maninipis na parang laging nakatikom at bihirang magsalita, ay bumagay sa hugis ng mukha nito na medyo pangahan. Nakadagdag lahat iyon sa appeal nito, at kahit medyo malaki ang suot nitong T-shirt ay halatang maganda ang built ng katawan ng lalaki dahil bumabakat ang muscles nito sa dibdib lalo na kapag namamaywang ito.

Sa tantya niya ay nasa five-ten ang height nito. Lalo siyang naging *tulo-laway* nang bumuwelo ang lalaki at binuhat ang isang may kalakihang kahon. Pag-angat nito sa kahon ay nag-flex ang muscles nito sa braso na lalong nagpalakas ng dating nito para sa kanya.

Oh my God! P'wedeng magpalahi? hindi na napigilang sigaw ng maharot niyang isip.

Hindi na siya nakatiis at tumawid na siya at pumasok sa nakabukas na gate ng bagong kapitbahay. Inabangan niyang lumabas ang lalaki. Nang makita niya ito ay agad na napagkit ang matamis na ngiti sa mga labi niya.

“Hi! I’m Nicole, I’m going to be your neighbor. Diyan lang ako sa tapat nakatira.” Itinuro niya ang bahay niya na nasa tapat lang at iniabot ang kamay

sa kinakausap.

Inabot naman ng lalaki ang kanyang kamay at nginitian din siya. “I’m Leon,” pakilala nito sa sarili.

“Welcome to the neighborhood,” magiliw niyang sabi.

“Thank you. Gusto sana kitang imbitahin sa loob kaya lang hindi pa maayos.”

“Naku, ayos lang. Paano, maiwan na kita at mukhang marami pa kayong hahakutin.”

“Oo nga, eh,” saad nito, sabay tingin sa mga gamit na ibinababa mula sa truck. Muli itong bumaling sa kanya. “Salamat ulit.”

“See you around.”

“Sige,” paalam nito bago niya ito iwan. Itinaas pa nito ang isang kamay at bahagyang kumaway.

Nilingon niya muna si Leon bago siya tuluyang tumawid papunta sa gate ng bahay niya. Nakatingin pa rin ito sa kanya. Kinawayan niya ito at tinanguan siya nito bilang tugon.

“Ay, *Ati*, nariyan ka na pala!” salubong sa kanya ng kanyang kasambahay na si Ditas nang papasok na siya sa loob ng kanyang bahay. Hindi nalalayo ang

edad niya rito pero nakasanayan na nitong tawagin siyang ate. “Ano’ng aalmusalin mo?”

“Timpla ka na lang ng juice, sa office na ’ko magbe-breakfast,” aniya habang nagtatanggal ng running shoes.

“*Oki po.*”

Dalawang taon na mula nang lumuwas ito sa Maynila at naging kasambahay niya, pero wala halos nagbago sa punto nito.

“Ay, *Ati*, ang gwapo ng bago nating kapitbahay, parang artista, kamukha ni *Danyil Padilla*,” kuwento nito sa kanya.

Mahilig itong manood ng TV, subaybay nito ang mga drama gabi-gabi. At lahat ng lalaking guwapo, ang tingin nito ay kamukha ng naturang aktor.

“Daniel-padilla-daniel-padilla ka diyan. Ikaw talaga tsismosa ka,” kunwaring pagalit niya dito.

“Hindi tsismis ’yun, *Ati*, *tutuu pu*. Nakita ko n’ung isang araw. Diyos ko, pagkaguwapo! Labi pa lang, *olam* na. Hindi mo ba nakita pagpasok mo?”

“Nakita ko, kinausap ko pa nga,” kuwento niya rito. Kaibigan na rin ang turing niya kay Ditas. Bukod sa napagkakatiwalaan talaga niya ito at naasahan,

naaaliw pa siya rito. Kahit na napakadaldal nito, araw-araw may kuwento ito sa kanya. Kaya kahit minsan ay nasa bahay lang si Nicole, hindi siya naiinip dahil dito.

“Talaga, *Ati*? Hindi ka sinupladuhan? Para kasing suplado, eh.” Iniabot nito ang juice sa kanya.

“Hindi naman. Parang friendly nga, eh.” Lumagok siya sa inabot ditong juice.

“Si *Ati niluluko* na naman ako. Naku *ekaw*, hindi pinansin, eh, di *lalu* na ako? Naunsiyami na agad ang pantasya ko.”

“Anong pantasya pinagsasabi mo diyan? At talagang may nalalaman ka pang mga ganyan?” medyo natatawang sabi niya.

“Oo, *Ati*, ’yung bang katulad kay *Ina Macaspac* at *Angelo Buenavista*?”

“Sino?”

“Yung sa *Pangaku Sa ’Yu*,” paliwanag pa nito.

“Ahh... Naku, Ditas, tigil-tigilan mo nga ako. Ihanda mo na lang ’yung mga gamit ko, maliligo na ako.”

“*Ati* talaga. Naayos ko na po ’yung kailangan

mo,” sagot nito.

“Kaya favorite kita, eh,” biro niya.

“*Peyborit?* Eh, ako lang naman ang kasama mo *dini* kaya *wa* ka na pagpipilian.”

“Ah, sumasagot ka na?” paninindak niya rito kunwari.

“*Juk* lang po. Ligo ka na, *'ti*. Maglilinis na ako ng bahay,” sabi nito sabay dampot ng walis at nagsimulang magwalis.

“Good,” nangingiting sabi ni Nicole sabay pasok sa kuwarto niya. Mayroon siyang sariling banyo sa kanyang kuwarto at doon na siya naliligo kaya paglabas niya ng silid ay derecho alis na siya.

Habang hinahakot ng mga inupahan niyang tao ang mga gamit papasok sa bahay na lilipatan niya ay tinawagan ni Leon ang kanyang nanay sa cellphone.

“Hello, Nay? Anong oras kayo darating dito ni Tatay?” tanong niya nang sumagot ito sa kabilang linya.

“Nasa taxi na kami, malapit na. Puwede mo ba kaming sunduin na lamang sa gate ng subdivision?”

Baka maligaw pa kami at hindi raw kabisado ng driver d'yan.”

“Iyan talaga ang balak ko, Nay. Kung malapit na pala kayo ay aabangan ko na kayo sa labas.”

“O sige, anak, pero ayos lang ba na iwan mo 'yung mga tao diyan?”

“Okay lang naman ho. Sige ho, at aalis na ako para di na kayo maghintay d'un sa gate pagbaba ninyo ng taxi. Mag-ingat ho kayo.”

“O siya, sige na. *Ba-bye.*” Nawala na ito sa linya.

“Boss, iwan ko muna kayo saglit, susunduin ko lang ang mga magulang ko sa labas,” paalam niya sa leader ng mga nagbubuhat.

“Walang problema, sir. Kami na ho ang bahala rito.”

“Salamat.” Tinungo na ni Leon ang nakaparada niyang sasakyan sa harapan ng bahay at sumakay roon. Pinaandar na niya iyon papuntang gate ng subdivision.

Habang nagmamaneho ay napapaisip siya, wala sa hinagap niya na unti-unti ay matutupad niya ang kanyang mga pangarap. Mula sa isang maliit na bayan sa Quezon province kung saan ang tinitirhan

nila ay isang kubo lamang ay makakalipat sila sa isang subdivision sa Manila. Hindi man ito kasing-eksklusibo ng *Forbes Park* sa Makati ay masasabi naman niya na ang mga nakatira roon ay mga nakaaangat din sa buhay.

Dating nagkokopra ang kanyang mga magulang, at tumutulong si Leon sa mga ito kapag wala siyang pasok. Sa tuwing uuwi noon ang mga ito na pagod na pagod mula sa niyugan ay naaawa siya sa mga ito. Kaya naman ipinangako niya sa sarili na hindi sila habang-buhay na maghihirap.

Nagsumikap siyang magtrabaho habang nag-aaral. Pinag-ipunan niya ang kanyang pagkokolehiyo. Nang makaipon nang sapat ay lumuwas siya at nagenroll sa isang pampublikong unibersidad.

Lahat ng trabaho ay pinasok niya kapag wala siyang pasok sa eskuwelahan. Balewala sa kanya ang pagod. Pinagsabay niya ang pag-aaral at trabaho. Pinapadalhan din siya ng mga magulang niya kapag kumikita ang mga ito sa koprahan. Kaya kahit papaano ay hindi siya masyadong nagipit.

Nang maka-graduate siya sa kursong Electrical Engineering ay natanggap si Leon sa isang food company. Pinagbutihan niya ang pagtatrabaho at makalipas ang dalawang taon ay nakapag-board na

siya at na-promote pa. Ngayon nga ay limang taon na siya sa kompanya at head na ng departamentong kinabibilangan.

Dahil likas na masinop sa kinikita, nakabili na si Leon ng sariling sasakyan at ngayon nga ay ng sarili niyang bahay. Ngayon ang unang araw nila sa bagong bili niyang bahay. Binitawan na niya ang kanyang inuupahang apartment at ipinabenta na niya sa mga magulang ang maliit na lupang mayroon sila sa probinsiya.

Maligayang-maligaya ang mga ito dahil natutupad na niya ang kanyang mga pangarap.

Ipinarada niya ang sasakyan sa gilid ng entrance ng subdivision. Habang naghihintay ay may dumaang tricycle at huminto iyon malapit sa kanyang sasakyan.

Nakita niya ang pagbaba ng isang babae. Naka-puting shorts ito na tila slacks ang tela, ang pang-itaas ay asul na long sleeve na medyo maluwag at naka-tuck in sa shorts ang harapan at ang likod ay mas mahaba at hinayaan lamang na nakaladlad. Ang blazer nito ay nakasaklob sa dalang bag na nakasabit sa braso nito.

Hindi kaputian ang babae. Hindi rin ito ganoon kaganda, pero lalong hindi masasabing *panget*.

Tinitigan niya ang babae at namukhaan niya ito.

Ito iyong lumapit sa kanya kanina at ito rin ang pinagtanungan ng driver ng truck na naglipat ng mga kagamitan niya. Nakita na niya ito kanina habang nagja-jogging. Ang unang napansin niya rito ay ang legs nito na napakahahaba at talagang bumagay sa mahubog nitong katawan. Morena ang babae na sa tingin niya ay may taas na five feet three inches. Nang lumapit ito sa kanya kanina ay napansin niya ang mga mata nito ay medyo may kalakihan na kapag tumingin sa kanya ay para bang pati iniisip niya ay nakikita nito. Ang ilong nito ay hindi matangos subalit hindi rin pango, may kaliitan iyon na bumagay sa maliit at bilugan nitong mukha. Ang mga labi nito ay pangkaraniwan ang hugis. Walang espesyal sa parte ng mukha nito subalit pag pinagsama-sama, nagmumukha itong... *cute*.

Tama, mas bagay rito ang salitang cute kaysa maganda. Natigil ang pagkilatis ni Leon nang marinig na magsalita ang security guard.

“Good morning, Ma’am Nicole,” sabi nito sa bago niyang kapit-bahay. “Itawag ko po kayo ng taxi?” tanong ng guard dito.

“Oo, Kuya Roger, paki naman. Hanggang ngayon sira pa rin ang sasakyan ko. Hindi ko pa nakukuha

sa casa,” narinig niyang sagot nito.

“Dito ka muna, Ma’am, para hindi kayo mainitan.” Pinapasok nito ang babae sa loob ng guard post para umupo. Lumabas naman ang guard at pumuwesto para mag-abang ng taxi.

Hindi nagtagal ay may nakita siyang paparating na taxi. Sinilip ni Leon ang sakay niyon at nakita niya ang mga magulang. Bumaba siya ng sasakyan at nilapitan ang taxi. Kasabay ng paglabas niya sa sasakyan ay tumayo ang babae para salubungin din ang sasakyan.

Eksaktong nakalapit siya sa kotse ay naroon na rin ang babae.

“Oh. Hi, Leon,” bati nito sa kanya.

Tinanguan niya lang ito at binuksan ang pinto ng taxi at inalalayan ang nanay niya sa pagbaba mula roon, kasunod ang kanyang tatay.

“Good morning po,” bati ng babae sa kanyang mga magulang.

“Magandang umaga rin naman,” sagot ng nanay niya at pagkatapos ay tiningnan siya nito na parang nagtatanong na, ‘*Sino ’to?*’

Ipinakilala niya ang babae sa mga magulang.

“Nay, siya si—” Napatigil siya dahil nakalimutan niya ang pangalan nito.

“Nicole po,” salo ng babae nang mahalatang nakaligtaan niya ang pangalan nito. “Magkapitbahay po tayo, magkatapat lang po ang mga bahay natin. Welcome po dito sa subdivision,” magiliw na bati nito.

Tumango lang ang nanay niya na likas ding supladita.

“Magandang umaga rin sa ’yo, Ineng. Ako si Vergel, at ito naman ang aking asawa, si Lydia,” pagpapakilala ng tatay niya.

Kinamayan ng babae ang kanyang ama at pagkatapos ay ang kanyang ina. “Nice meeting you po.”

“Nice meeting you din, hija,” sabi ng tatay niya rito.

“Mauna na po ako sa inyo, papasok pa po kasi ako.”

“O sige,” anang ginoo.

Pagkasabi niyon ng tatay niya ay sumakay na ang babae sa parehong taxi na sinakyan ng mga magulang niya. Kinawayan pa sila nito bago tuluyang umandar ang sasakyan.

“Halina kayo, Nay, Tay,” yaya niya sa mga magulang.

“Pagkagiliw naman pala ng kapit-bahay natin dito,” sabi ng nanay niya habang naglalakad sila papunta sa sasakyan niya.

“Magugustuhan mo dito, Nay. Tahimik ang lugar na ito at ligtas pa,” ani Leon.

“Mukha nga. Naku, paano kung aalis kami ng tatay mo, mukhang malayo ang lalakaran palabas mula sa atin.”

Pinaandar na niya ang sasakyan pabalik sa bahay nila.

“May mga pumapasok namang tricycle, Nay, ’tapos puwede n’yo ring itawag sa guard house para magpapunta ng tricycle o kaya ay taxi. Maglalagay po ako ng application sa cellphone ninyo para kapag gusto ninyong umalis at magta-taxi kayo, iyon na lamang ho ang gamitin ninyo.”

“Diyos ko, hindi ko nga alam paano gamitin ’yung cellphone na binili mo sa akin, mas maganda pa ’yung dati walang maraming arte.” Ang tinutukoy nito ay ang lumang cellphone na may keypad at hindi touch screen.

“Madali lang din ho gamitin ’yun, Nay. Ayaw n’yo lang ho kasing pag-aralan,” natatawang sabi niya rito.

Mayamaya lang ay nakarating na sila sa harap ng bahay niya. Naibaba na rin ang mga gamit mula sa truck. Nagsimula na silang iayos ang mga kagamitan sa loob ng bahay.

2

Pagbaba ni Nicole ng taxi ay tumingin siya sa kanyang wristwatch. Alas diez na ng gabi. Tulog na kaya ang mga bago niyang kapit-bahay?

Nang mabuksan ang gate ay tinanaw niya muna ang katapat na bahay. Nakita niyang wala nang ilaw roon maliban sa labas.

“Tulog na siguro,” bulong niya sa sarili.

Tuluyan na siyang pumasok. Pagbukas niya ng pinto ay naabutan niya si Ditas na nakaupo sa sala at nanonood ng TV.

“Magandang gabi, *Ati*, ipaghahain na po kita?” tanong nito sa kanya at tumayo upang kuhanin ang mga bitbit niyang gamit.

“Anong ulam niluto mo?” tanong niya rito. Siya naman ang naupo sa puwestong iniwan nito.

“Caldereta po,” sagot nito at tumungo sa kusina, handang initin ang ulam.

“Magbibihis lang ako, kaunti lang ihain mo, di na ’ko kakain nang marami, gabi na at inaantok na din ako.” Tumayo na siya at tumungo sa kanyang

kuwarto. Matapos magbihis ay lumabas siya agad.

Paglabas ni Nicole ay nakita niyang nakapaghain na si Ditas.

“Ay, *Ati*, may chika ako sa ’yo,” sabi nito nang makaupo siya. Pumuwesto ito sa katapat niyang upuan.

“Bago mo ’ko chismisan, kumain ka na ba?” Nagsimula na siyang kumain.

“Tapos na, *Ati*, anong oras na kaya,” sagot nito. “Ayun nga po may chika ako. Dumating po ’yung mga magulang ni *pogi* kanina,” pagkukuwento nito.

“Alam ko na ’yan. Nakita ko na sila kanina sa labas bago ako pumasok. Nakilala ko na sila kanina.”

“Wow, *Ati*. *Mit di peyrents* ka na agad. Ang bilis mo, ha,” tudyo nito sa kanya.

“Gaga! Meet the parents ka d’yan. Siyempre bagong kapit-bahay, winelcome ko lang.”

“Hmm,” tatangu-tangong sabi nito. “Pero, *Ati*, parang masungit ’yung nanay. Kasi naririnig ko sila kanina. Parang istrikto magsalita,” patuloy na kuwento nito.

“Mapanghusga ka, malay mo gan’un lang talaga

siya. Huwag ka nga,” sabi niya rito.

“Sabagay. Ay, oo nga pala, magpapaalam po sana ako, ’ti. Aalis kami bukas nila Jingkay, magdi-*Divisoria* kami.”

Ang Jingkay na tinutukoy nito ay isa ring kasambahay ng isa sa mga kapit-bahay niya. “I-advance ko na lang ’yung *diy-uff* ko.”

Tuwing araw ng Linggo ang day off nito at Sabado pa lang bukas. Hindi siya mahigpit pagdating sa ganoong bagay dahil maaasahan talaga ito kapag kailangang-kailangan niya. Isa pa, kapag may lakad ito, bago umalis ay wala na siyang iintindihin. Sinisigurado ni Ditas na nakapagluto na ito at malinis na ang bahay.

“Sige, walang problema. Pero huwag kang magpapagabi at delikado. Hindi ka pa naman sanay roon.”

“Salamat, *Ati*, *yur di bist amo in di world.*”

“Che!” pabirong singhal niya rito. “Iligpit mo na lang ’to at pagkatapos ipagtimpla mo ako ng tsa.”

“Opo.” Nagsimula itong magligpit at siya naman ay pumuwesto sa sala at nanood ng TV.

Habang nanonood ay pumasok sa isip ni Nicole

ang bagong lipat na kapit-bahay. She really had developed a crush on him. She'd never seen a man as manly as him before. Iyong tayo nito, iyong built nito, even the way he moved, lalaking-lalaki. She was already twenty-six years old at nakakaapat na boyfriend na siya.

Hindi siya ang tipo ng babae na mahinhin. She had always been a straightforward kind of person. Kapag gusto niya ang isang lalaki, hindi na siya pakipot, sinasabi na niya agad. Ganoon din siya kapag ayaw niya, pinaprangka na niya agad dahil ayaw niya ng nagpapaasa.

Sa apat na naging relasyon niya, pinakamatagal na ang apat na buwan. Mabilis siyang nawawalan ng interes sa mga naging boyfriends niya. None of them ever even got to second base. She was not naïve. Sadyang wala lang siyang interes na maging ganoon ka-*intimate* sa mga nakarelasyon niya. Maybe because she was never really in love with them. May hinahanap siya sa mga ito na maging siya sa sarili niya ay hindi maintindihan at matukoy kung ano.

Pero sa apat na naging ex-boyfriends ni Nicole, kahit magsama-sama pa ang mga ito ay tila walang panamang lahat sa appeal na mayroon ang bago niyang kapit-bahay.

Shit, I feel like a schoolgirl having a crush. May girlfriend na kaya? Sana wala sa ngayon...

If she wanted something, she was the type to sure try and get it. Naniniwala siya na nasa modern world na sila at ang babae ay may karapatan na ring magpakita ng interes sa isang lalaki nang hindi ito nahuhusgahan. It didn't make her look cheap. It shouldn't. It only showed that she was a grown woman who knew what she wanted.

And now she had decided to make herself known to *him*. She had to be visible to *Leon*.

“Ditas, bukas ang lutuin mo *pinakbet*. Damihan mo nang kaunti,” bilin niya sa kasambahay.

“*Oki, 'ti,*” sagot nito. Iniabot nito sa kanya ang tsaang niya.

Inubos niya lang iyon at pumasok na siya sa kuwarto upang maghanda sa pagtulog.

Pagdating ng alas cinco ng umaga ay automatic nang namumulat ang mga mata niya. Nauuna pa siya minsan sa alarm clock niya. Bumangon na si Nicole at nagsimulang maggayak para sa morning routine niya. Nag-toothbrush siya at naghilamos.

Matapos iyon ay nagbihis na siya ng running shorts at sando na pantakbo. The running clothes fit her so well. Nagsuot siya ng rubber shoes at pagkatapos ay lumabas ng bahay.

Paglabas niya ng gate ay hindi muna siya agad tumakbo, nag-stretching muna siya. After ten minutes of stretching, nagsimula na siyang tumakbo. She would jog for an hour. Nagsimula siyang ikutin ang kanilang subdivision.

Nang makadalawang ikot ay may nakita siyang lalaki na tumatakbo rin. Batay sa lapad ng likod nito ay nakasisiguro siyang si Leon iyon. Kahit dalawang beses niya pa lang itong nakita ay tila nakabisado na niya agad ang built nito.

Binilisan ni Nicole ang pagtakbo upang makahabol dito at nang medyo malapit na siya ay tinawag niya ito, “Leon!”

Subalit tila hindi siya naririnig, kaya lalo pa niyang binilisan. Pero siguro dahil sa lalaki at at mas mabilis tumakbo sa kanya, hindi niya ito maabutan. Nasa ikatlong kanto na siya ng paghabol dito nang mapansin niyang medyo bumagal ang takbo nito. Lalo pa niyang binilisan ang pagtakbo para maabutan ito. Sa sumunod na kanto na niya ito inabutan.

“Leon,” sabi niya nang makalapit dito. “Hi!”

Nagtanggal ito ng headset. Kaya pala hindi siya naririnig.

“Hi,” sabi nito at huminto sa pagtakbo. Naglakad na lang ito.

“Tumatakbo ka rin pala.” Nagsimula rin siyang maglakad na lang.

“Yeah.” Maiksi na naman ang sagot nito.

“Lagi ka bang tumatakbo?” patuloy niyang tanong.

“Hindi naman araw-araw pero madalas din.”

Wow, medyo mahaba ang sagot. “Talaga? Okay pala, may makakasabay na ako.”

“Bakit? Wala ba kahit isa na nakakasabay ka rito?” nagtataakang tanong nito. Hindi man lang ngumingiti.

“Wala, eh. ’Yung iba kasi na nakikita kong tumatakbo sa umaga ay hindi ko kilala,” nakangiti niyang sagot dito, dedma sa masungit expression nito.

Tango lamang ang naging sagot ni Leon.

“Kasama mo pala ang parents mong lumipat diyan, ’no?”

Tumango lamang itong muli.

Seriously, ipinaglihi ka ba sa bobblehead? Tango ka nang tango. Medyo napanghihinaan na siya ng loob dahil parang wala talagang interes ang lalaki na kausapin siya. Pero hindi pa rin siya susuko.

“Buti ka pa, kasama mo ang parents mo sa bahay,” patuloy niya.

“Bakit? Nasaan ang mga magulang mo?” Sa wakas ay nagtanong din ito.

“Ang mother ko nasa China, d’un na siya naka-settle. Ang father ko naman nasa Davao, kasama ng pangalawa niyang pamilya. Annulled na sila ng mama ko.”

“Sorry,” sagot ni Leon.

“No need to be sorry. Pareho naman silang masaya sa mga kanya-kanyang buhay nila.”

“Mabuti naman,” sabi nito.

Hindi niya namalayang nasa tapat na pala sila ng mga bahay nila. Na-realize niya lang iyon nang magpaalam na sa kanya si Leon.

“Tapos ka na agad mag-jogging?” dismayadong tanong niya. Akala niya ay iikot pa ito nang isang beses at makakakuwentuhan pa niya.

“Yeah, kanina pa ’kong four a.m.,” sabi nito habang binubuksan ang sariling gate.

“Gan’un ba? Sige, iikot pa ’ko nang isang beses,” paalam niya at nginitian ito. Muntik nang malaglag ang panga ni Nicole nang gumanti rin ito ng ngiti. Iyon na yata ang pinakamagandang ngiti ng isang lalaki na nakita niya. Medyo lopsided, pero hindi parang ngiting aso. It was more like a boyish smile. Hindi niya inaasahan iyon.

I’m in love!

Nagtagal pa siya nang mga ilang sandali sa harap ng bahay nito dahil sa pagkatulala. At nang makabawibawi ang huwisyong at mapansing nakapasok na pala ang lalaki ay nagsimula na ulit siyang tumakbo.

Habang tumatakbo ay hindi pa rin mawala sa isip niya ang hitsura ni Leon. Walang duda, napabilis nito ang tibok ng puso niya, kaya naman nakaka-isang kanto pa lang siya ay huminto siya sa pagtakbo. Pinakiramdaman ni Nicole ang bilis ng tibok ng puso niya, at alam niyang hindi iyon dahil sa pagtakbo, iyon ay dahil sa ngiti ni Leon.

She'd never seen a man smiled like that before. It was boyish, but very manly at the same time. Who could resist that kind of charm?

Thank You, Lord! Binigyan Mo 'ko ng bagong kapit-bahay. Nilapit Mo sa 'kin ang future husband ko! Thank You, Lord, thank You talaga! Tumingala pa siya sa langit.

Desidido na siya. Whatever it takes, magiging kanya si Leon. Naniniwala siya sa kasabihan na kapag may tiyaga, magkakaroon ng bagong jowa!

Kaya humanda ka, Leon. Humanda ka nang ma-in love sa 'kin.

3

Nang makabalik mula sa pagja-jogging ay nagpahinga lang si Nicole saglit at pagkatapos ay naligo na rin siya. Matapos makaligo ay hinanap niya si Ditas. Naikot na niya ang buong bahay, pero hindi niya ito nakita.

Saka niya narinig na bumukas ang gate, at ilang sandali pa ay nakita niya na itong papasok sa front door bitbit ang mga pinamalengke. Nakita niyang isa-isa nitong inilabas ang mga pinamalengke mula sa ecobag.

“Thanda mo na lang ’yung mga sahog, hiwain mo na lahat ’tapos iwan mo na. Ako na bahala diyan.”

“Ikaw na magluluto, ’ti?” Hinugasan na nga nito ang mga lulutuin.

“Oo, ako na lang.” Lumabas muna siya upang silipin ang kanyang mga halaman. Isa ito sa mga hilig niya. Siya mismo ang nagtanim ng mga halaman sa bakuran niya.

Kung ang iba ay pagkain ang stress reliever, si Nicole ay ang pag-aalaga ng halaman. Pinakapaborito niya sa lahat ay ang mga orchids. Matiyaga niyang

dinidiligan ang mga ito tuwing umaga, tinatanggalan ng mga lantang dahon at pagkatapos ay kinakausap pa minsan. At sa tuwing mamumulaklak ang mga iyon ay tuwang tuwa siya. Pakiramdam niya ay sulit ang pag-aalaga niya, sulit ang pagtitiyaga at paghihintay niya.

Ganoon din ang kanyang pananaw sa buhay, basta marunong kang maghintay, marunong kang magtiyaga at gawin mo ang dapat mong gawin, makukuha mo rin kung ano ang gusto mong makamtan.

Hindi niya namalayang halos mag-iisang oras na pala ang lumipas. Wala siyang pasok ngayon at nalibang siya masyado sa kanyang mga pananim.

Pagpasok niya ng bahay ay nakita niyang nakahanda na ang kanyang lulutuin. Hiwa na ang mga gulay, pati ang bawang at sibuyas. Tumingin si Nicole sa relong nakasabit sa dingding. Mag-a-alas-diez na ng umaga, tamang-tama lang para simulan na niya ang pagluluto.

Naghugas siya ng mga kamay at pagkatapos ay nagsalang na siya ng kawali, at nang mainit na ay nilagyan iyon ng mantika. Nang mainit na ang mantika ay ginisa na niya ang bawang at sibuyas at pagkatapos ay isinunod na niya ang mga gulay.

Gusto rin niyang nagluluto kapag wala siyang pasok. Maaga siyang namuhay mag-isa dahil nasa high school siya nang maghiwalay ang kanyang mga magulang. Dati silang sa Davao, at habang naiwan sa Davao ang kanyang ama, hiniling na lang niya sa mga magulang na pag-aralin siya sa Manila. Ayaw niya rin kasing sumama sa ina sa China.

Noong una ay ayaw pumayag ng kanyang ama dahil babae raw siya at hindi ito sanay na malayo siya. Pero bandang huli ay napapayag niya rin ito.

Hanggang ngayon ay open pa rin ang communication nilang mag-ama. Noon pa man ay mas malapit na siya rito kaysa sa kanyang ina. At paminsan-minsan ay umuuwi rin si Nicole sa Davao upang bisitahin ito. Kapag Christmas ay naroon siya kasama ng ama at ng bago nitong pamilya.

Mabait ang napangasawa ng daddy niya at malapit din siya rito kaya wala siyang naging problema nang muling magpakasal ang ama. At ngayon nga ay mayroon na siyang mga kapatid dito, isang babae at isang lalaki. Sina Jermaine at si Jeremy. Kambal ang mga ito. Kahit madalang siyang umuwi ay hindi iyon hadlang para maging malapit siya sa mga ito.

Tinikman niya ang nilulutong pinakbet, nang makuntento na sa lasa ay inalis na niya ito sa kalan at

isinunod naman niyang iprito ang isda. Eleven-thirty na nang matapos siyang magluto.

Naglabas siya ng isang babasaging bowl at nagsalin doon ng nilutong gulay. At pagkatapos ay nagbukod siya ng dalawang malalaking pritong isdang tilapia.

Nag-ayos muna siya ng sarili. Nang maamoy na medyo kumapit ang amoy ng niluto sa kanyang damit ay napangiti si Nicole. Senyales daw iyon na ang isang babae ay *wife material*.

“Perfect!” sabi niya sa sarili.

Sinuklay niya ng kamay ang buhok at pagkatapos ay pinusod iyon, pero hinayaan niya lang ang ilang hibla ng buhok na bumagsak sa gilid ng kanyang mukha. Tumingin siya sa salamin. Hindi siya mukhang artistahin, pero alam din niya sa sarili na hindi siya pangit. May charm din naman siya, ayon sa mga ex-boyfriends niya.

Naglagay lang siya ng kaunting baby powder sa mukha, hindi na nag-lipstick—normal na medyo mapula ang mga labi niya—at saka baka mahalatang nagpapa-cute siya. Dapat mukhang effortless lang ang ganda para hindi masyadong obvious na pinaghandaan niya ang pagpunta sa kapit-bahay

niyang guwapo.

Nang makuntento sa hitsura ay binitbit niya ang inihandang ulam at tumungo sa pinto.

“Ditas, lalabas ako, bahala ka na sa pinto,” tawag niya sa kasambahay na alam niyang nasa loob ng silid nito at naghahanda na sa pag-alis dahil nag-advance nga ito ng day off.

“Opo!” Nang marinig na sumagot ito ay lumabas na siya.

Nag-doorbell siya nang makatawid sa kabilang bahay. Naghintay siya nang ilang sandali at mayamaya pa ay nakita na niyang lumabas ang kanyang ‘future-mother-in-law’.

“Magandang tanghali po,” bati niya rito.

“Magandang tanghali rin. Ikaw si Nicole, di ba?” sabi nito nang mabuksan ang gate. Hindi ito nakangiti pero hindi rin naman nakasimangot.

“Opo. Heto po, may dala akong ulam,” aniya sabay abot dito ng bitbit niya.

“Halika, pumasok ka muna,” anyaya nito sa kanya. Kinuha nito ang dala-dala niya.

“Upo ka muna, hija,” sabi nito pagdating nila sa

sala.

“Salamat po.”

Nagtungo ito sa kusina. Habang hinihintay ito ay inilibot niya ang tingin sa bahay. Mas malaki iyon kaysa sa bahay niya. Mayroon din itong second floor. Napansin niya na may mga kahon pang hindi nabubuksan sa isang sulok. Mukhang hindi pa tapos mag-ayos ang mga ito.

Nakaupo siya sa isang sofa na pa-L ang disenyo at kulay beige ang kulay. May center table na babasagin at sa gitna niyon ay may nakalagay na bowl na may lamang mga candy. At sa harap niya ay naroon ang isang 55-inch curved TV.

Wow! sa isip-isip niya.

Pagpaling ni Nicole sa kaliwang bahagi ng bahay ay may console table sa tabi ng dingding at doon ay nakapatong ang mga larawang naka-frame.

Hindi niya napigilan ang sarili at nilapitan ang mga iyon. Isang masayang pamilya ang nakikita niya sa picture. May mga luma at may mga bagong larawan. Nag-iisang anak lang siguro si Leon dahil wala siyang ibang nakitang kasama ang mag-anak sa picture.

Iniangat niya ang nakitang solo picture ng binata upang mapagmasdan iyon nang malapitan. Puro puno ng niyog ang background. Full body picture iyon kung saan nakasuot ito ng oversize white T-shirt at baggy jeans. Kahit sa larawan ay halatang hindi mamahalin at luma na ang suot nito. Nakatsinelas na goma lamang ang binata roon.

“Nicole?” Mula sa pagkakatingin sa picture frame ay napatingin siya sa hagdan. Nakita niyang pababa mula roon si Leon. Maingat niyang ibinalik ang hawak na picture sa lamesa.

“Hi,” nakangiting bati niya rito. Naka-shorts ito at puting T-shirt na ginupit ang manggas.

“Ano’ng ginagawa mo rito?” nagtataakang tanong nito. Kaharap na niya ito ngayon. Hanggang balik lamang siya nito.

“Inihatid ko lang ’yung ulam. Nagluto kasi ako, dinamihan ko na para dalhan na rin kayo,” paliwanag niya.

Tumango ito. *’Ayan na naman ’yung bobblehead.*

Napansin niya na kapag wala na itong masabi ay tatango na lamang ito. Nakita niyang lumabas ang nanay nito mula sa kusina.

“Nicole, maraming salamat, ha. Ito na ang lalagyan mo. Nag-abala ka pa. Tinikman ko ’yung pakbet, masarap,” sabi ng ginang, medyo friendly na ang tono.

Hmm, mukhang food ang weakness ni future mother in law. “Naku, talaga po? Mabuti naman at nagustuhan ninyo,” abot-tenga ang ngiting sabi niya.

“Pasensya ka na, wala akong maipampalit sa dala mo, hindi pa kasi ako nakakapagluto. Nag-aayos pa rin kasi kami rito at isa pa, hindi ko pa alam kung saan ang palengke rito. Kakain na lang sana kami sa labas kung hindi ka dumating.” At talagang friendly na si mother, medyo naging talkative na.

Mabuhay ang pakbet! hiyaw ng isip ni Nicole.

“Naku, mabuti ho pala nagdala ako. Kung gusto n’yo ho, sumabay kayo sa ’kin bukas. Day-off ho kasi ni Ditas, iyong kasambahay ko kaya ako ang mamamalengke,” anyaya niya rito. Nag-double day off bigla si Ditas kahit nagpaalam na itong mag-a-advance ng day off ngayong araw.

Nagsisinungaling na ba siya? Okay lang siguro, for a good cause naman. Pagkakataon na para mapalapit siya sa kanyang mother in law, este future mother in law pala.

“Tamang-tama, walang pasok si Leon, masasamahan niya tayo,” sabi pa nito.

I love you na, Mother! nagbubunying hiyaw ulit ng isip ni Nicole.

“Ayos lang ba, anak, kung sasamahan mo kami bukas?” baling nito sa binata.

“S-sige, Nay,” sagot ni Leon na mukhang hindi na nakatanggi.

“Ayan, hija, may makakasama tayo, tagabuhat,” ani Aling Lydia.

“Oo nga po, nandito na po ’ko nang alas seis ng umaga, mas masarap po kasing mamalengke kapag maaga,” aniya. Nagbubunyi pa rin ang kalooban niya. May bright future yata ang plano niyang ‘oplan future husband.’

“Oo, sige, salamat ulit sa pakbet, ha,” sabi pa nito. Hindi naman pala masungit si mother. O baka talagang nakuha na niya ang kiliti nito? O sadyang lovable talaga siya? Ah, basta ang importante, friends na sila.

“Sige po, mauuna na po ako,” paalam niya rito at tumalikod na.

“Thatid mo sa gate itong si Nicole, Leon,” narinig

pa niyang sabi nito.

Yehey! Purihin ka, Mother! Pakiramdam niya ay nagtatatalon na ang puso niya sa tuwa.

Nauna pang tumungo si Leon sa pinto at binuksan iyon para sa kanya. Inihatid nga siya nito hanggang sa gate.

“Thank you sa ulam,” sabi nito nang buksan ang gate para makadaan siya.

“Sana magustuhan mo rin,” pa-cute niya pa rito.

“Oo naman, salamat ulit.” Matapos iyon ay lumabas na siya at bumalik sa bahay niya.

Nang dumaan si Nicole sa tabi niya ay naamoy ni Leon ang bahagyang amoy ng pinakbet sa buhok nito. He felt pleased sa naamoy niya. Ibig sabihin ay talagang ito ang nagluto. Para sa kanya, wala nang mas attractive pa kaysa sa babaeng marunong magluto. Para sa kanya, ang mga ganoong babae ang masarap mapangasawa.

Pagpasok ni Leon sa bahay ay dumerecho siya ng kusina. Naabutan niya ang kanyang nanay na nagsasaing.

“Hindi na tayo lalabas, Nay?” tanong niya rito.

Nilingon siya nito. “Naku, huwag na, mabuti nga at dinalhan tayo ng ulam ng kapit-bahay nating si Nicole. Gusto ko ang batang ’yon, marunong makipagkapwa,” sabi nito, at binuksan ang kalan.

Kahit may rice cooker sila ay mas gusto pa rin nitong nagsasaing sa kaldero, mas masarap daw ang kanin pag sa apoy niluto kaysa sa kuryente.

“Ay sus, nabigyan lang kayo ng paborito ninyong pinakbet, naging friendly na kayo agad,” biro niya sa nanay niya. Naupo siya sa bakanteng upuan sa harap niya.

Umupo rin ang kanyang ina, magkaharap na sila ngayon sa dining table. “Baliw! Ano’ng akala mo sa akin? Nakakatuwa lang na dito sa Maynila ay may mga katulad pa rin niya na marunong gumalang sa tradisyonal na paraan. Sa probinsya nga bihira na ang nag-aabot ng ulam sa kapit-bahay maliban na lamang kung may okasyon,” paliwanag ng ginang.

“Joke lang, Nay. Eh, di mas maganda, may bago na agad kayong kakilala,” sabi ni Leon.

“Alam mo, anak, gusto ko ’yang si Nicole. Kung mag-aasawa ka rin lang, huwag ka nang lumayo.”

Nagulat siya sa sinabi ng nanay niya. “Saan naman ho nanggaling ’yan? Ngayon n’yo pa nga lang nakilala ’yung tao, gusto n’yo na agad maging asawa ko siya?”

Matagal na siyang kinukulit nitong mag-asawa na. Gustung-gusto na raw nitong magkaapo. Nasa hustong edad na raw siya at maayos naman na ang kanyang buhay, kayang-kaya na raw niyang magbigay ng magandang buhay sa kung sino man ang mapapangasawa niya.

“Bakit ba ayaw mo pang mag-asawa? Nasa hustong gulang ka na, matanda na kami ng tatay mo, baka hindi na namin makita ang magiging apo namin sa ’yo.”

Laging ganoon ang litanya ng kanyang nanay sa tuwing napag-uusapan nila ang pag-aasawa.

“Nay, bata pa kayo ni Tatay, malusog kayo, kaya huwag kayong mag-alalala dahil sigurado ako na maaabutan n’yo pa ang magiging apo ninyo. At saka isa pa, wala nga akong nobya, paano ako mag-aasawa?”

“Ewan ko ba naman sa ’yo, napakapihikan mo sa babae. Hindi ko maintindihan kung ano’ng hinahanap mo.”

“Hindi naman ho ako pihikan, siyempre dapat ang babaeng ihaharap ko sa inyo, ’yung kasing-galing ninyong mag-alaga.”

“Huwag mo akong bolahin. Kaya nga ligawan mo si Nicole. Aba, malay mo naman. Mukhang matinong bata, at saka masarap magluto. Tikman mo itong dala niya.”

“Bidang-bida siya sa inyo, Nay, ah,” kanyaw niya. Supladita man ang nanay niya, kapag nagustuhan naman nito ang isang tao, talagang gusto nito kung sino man iyon.

“Hindi naman, gusto ko lang talaga na makapag-asawa ka na,” hirit nito.

“Bakit ho ba pinagmamadali na ninyo akong mag-asawa? Napapagod na ho ba kayong alagaan ako?” kunwari ay nagtatampo niyang usisa rito.

“Hoy, huwag mo akong dramahan, Leonilo. Tatlumpu’t tatlong taon na kitang inaalagaan, panahon na para iba naman ang mag-alaga sa ’yo.”

Natawa siya sa tinuran ng ina.

“Ano’ng pinagtatalunan ninyong mag-ina rihan?” sabi ng tatay niya nang mabungaran sila nito sa hapag-kainan.

“Tay, itong si Nanay pinipilit na naman akong mag-asawa,” kunwari ay pagsusumbong niya sa ama.

“Naku, dapat naman talaga ay mag-asawa ka na dahil matanda ka na. Dapat ay may inaalagaan na kaming apo rito,” anang kanyang tatay.

Alam na niyang hindi siya kakampihan nito pagdating sa bagay na iyon.

Malapit talaga siya sa kanyang mga magulang. Sa mga ito niya namulatan ang isang tunay na pagmamahalan kaya ang gusto niya ay ganoon din siya kapag nag-asawa siya. Kaya siguro pihikan si Leon sa babae dahil ang gusto niya ay makatagpo ng kasing-maasikaso at kasing-mapagmahal ng kanyang ina.

“Wala talaga ’kong kakampi sa bahay na ’to,” sabi niyang iiling-iling pero hindi naman talaga nagtatampo. Ganoon lang talaga silang maglambingang mag-anak.

“Kung mag-aasawa ka, magkakaroon ka na ng kakampi. Tama ba, Lydia?” hirit ng tatay niyang tumabi sa kanyang ina.

“Natumbok mo, Vergel. Napakapihikan naman kasi nitong anak mo.”

“Natural, guwapo, eh,” sagot ng tatay niya.

“Natumbok mo, Tay,” Nakipag-high five pa siya rito.

“Naku, nagkampihan pa kayong mag-ama. Diyan na nga kayo at maglalabas pa ’ko ng ibang gamit na nasa kahon.” Tumayo na ang ina.

“Tulungan na kita, Nay,” aniya at tumayo na rin upang sumunod sa ina.

“Vergel, bantayan mo iyang sinaing at baka masunog,” bilin ng kanyang ina.

“Bakit kasi ayaw n’yo pang gamitin ang rice cooker, para di na kailangang bantayan ang sinaing,” sabi niya habang patungo sa mga nakatambak na kahon sa isang sulok ng bahay.

“Dahil mas masarap ang sinaing kapag niluluto sa apoy, nababantayan. Ang isang bagay kapag pinagtiyagaan, mas masarap,” sabi pa ng nanay niya.

Kahit di niya ma-gets ang concept ng nanay niya sa pagsasaing ay hindi na lang siya sumagot. Dahil panigurado, hahaba na naman ang diskusyon nila. Para sa kanya ay pareho lang ang lasa que sinaing sa kalan o sa rice cooker.

Nang marating nila ang mga kahon ay kinuha ni

Leon ang cutter na nakapatong sa ibabaw ng isa sa mga iyon at nagbukas ng isa. Isa-isa nilang inilabas ang mga laman niyon pagkatapos.

Habang ginagawa iyon ay biglang sumagi sa isip niya si Nicole. Naalala niya ang hitsura nito kanina. Mistula itong isang ulirang maybahay, malayung-malayo sa hitsura nito kahapon na mukhang career woman.

Kung kahapon ay naka-makeup ito, kanina ay wala ito maski lipstick. Pero mas gusto niya ang nakita kanina kaysa kahapon. Maganda ang hubog ng katawan nito, hindi niya maitatangi iyon. Pero para sa kanya, *a woman's appeal goes beyond the shape of her body.*

Nagustuhan din niya na kumapit dito ang amoy ng nilutong ulam, at ang buhok nitong hindi masyadong maayos ang pagkakapusod at ang ilang hiblang nakalaylay sa gilid ng mukha nito. Babaeng-babae ito kanina. She looked so homey. Na para bang pag ito ang kasama niya ay siguradong hindi siya magugutom at aalagaan siya nito. That's the impression na nakita niya sa babae kanina. Wife material, iyong tipong ihaharap sa mga magulang.

Napailing si Leon sa huling naisip. Naaapektuhan na yata siya ng kakapilit ng mga magulang niya sa

kanya na mag-asawa na, ah. Parang napaka-absurd ng naisip niya. Hindi niya pa lubusang kilala ang babae at bagong kakilala niya pa lang ito para i-consider agad ito bilang mapapangasawa niya.

Nag-focus na lamang siya sa mga gamit na inilalabas niya mula sa kahon para mabaling doon ang kanyang isipan.

Hindi niya malaman kung ano ba ang kanyang tunay na nararamdaman.